

ANG BUHAY PANANAMPALATAYA:

ITO ANG PINANINIWALAAN NG MGA NAZARENES

Ang bawat kapisanan na nananatili nang matagal na panahon ay nababatay sa matibay na adhikain, paniniwala at mga pagpapahalaga. Ang halimbawa nito ay ang Church of the Nazarene, na itinatag upang baguhin ang sanlibutan sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng kabanalan na naayon sa Bibliya. Ang ating misyon ay magkaroon ng mga alagad na katulad ni Kristo sa lahat ng mga bansa. Kaya naman ang Church of the Nazarene ay may malalim na adhikaing bigyang katuparan ang Dakilang Utos ng paghayo (*Great Commission*) at ipalaganap ang mensahe ng kabanalan.

Ang kasalukuyan at ang panghinaharap na buhay ng Church of the Nazarene ay nababatay sa pakikiisa nito sa misyon ng Diyos. Bilang bahagi ng pangkalahatan Iglesya ni Hesu-Kristo, ang Church of the Nazarene, ay may natatanging pamamaraan ng pagpapalaganap ng Kaharian ng Diyos sa bawat sulok ng mundo.

Sa kasalukuyang milenyo nararapat lamang na pag-ibayuhin pa ng Church of the Nazarene ang katangian nito bilang isang iglesya na may natatanging kasaysayan at misyon na ginagampanan sa mundo at sa bawat salinlahi.

Idalangin natin na ang mga katagang ito na ating pinahahalagahan at itinataguyod na magsilbing gabay, inspirasyon at halimbawa ng bawat Kristiyano at maging ng iba pang iglesya, hindi lamang ngayon kundi sa panahong darating.

MGA NATATANGING PAGPAPAHALAGA

(CORE VALUES)

1 Tayo ay mga Kristiyanong Tao

(We Are a Christian People)

Bilang mga kabahagi ng pangkalahatang Iglesya, tayo ay nakikiisa sa mananampalataya sa pagpapahayag na si Hesu-Kristo ay Panginoon at sa pagtuturo ng mga Kristiyanong doktrina katulad ng Tatlong Persona iisang Diyos (*Trinity*). Pinahahalagahan natin ang paniniwala sa kabanalan sang-ayon sa katuruan ni John Wesley. At pinaniniwalaan natin na ito ang tanging paraan upang ganap nating maunawaan ang tunay na pananampalataya ayon sa Banal na Kasulatan, pangangatwiran, kasaysayan at karanasan.

2 Tayo ay mga Kristiyanong may Kabanalang Isinasabuhay

(We Are a Holiness People)

Kalooban ng Diyos na tayo ay mamuhay nang may kabanalan sapagkat Siya ay banal. Naniniwala tayo na ang Banal na Espiritu ay nagnanais na gawin sa atin ang pangalawang gawain ng biyaya, na tinatawag natin sa ibat-ibang katawagan, tulad ng “ganap na kabanalan,” “bautismo ng Banal na Espiritu,” “paglilinis sa lahat ng

umaga." Magpahanggang ngayon ay umaga pa rin sa Church of the Nazarene, at ang araw kahit kailan ay hindi lulubog sa ating denominasyon sa buong mundo. Matatag ang ating paninindigan na ipagpatuloy ang mensahe ng kabanalan sa buong daigdig. Sa pamamagitan ng ating sama-samang paglilingkod at pagiging isa sa mensahe ng kabanalan at matatag na pananampalataya sa Diyos, naninindigan tayo na ang kasalukuyang siglo ay isang hinog na panahon upang ang lahat ng bansa ay maging maka-Kristo sa pananampalataya, pagsunod at pamu-muhay.

Lahat ng mga talata na ginamit ay hango sa Bibliya, *New International Version (NIV) Copyright 1973, 1978, 1984 by International Bible Society*. Ginamit na may pahintulot ng *Zoondervan Publishing House*.

Isinalin ni: Rev. Rufino Dela Peret

*Isina-ayos ni: Orland Bantog, Joel Arro, Liza Halbrook, at
Ilde Detalo*

kasalanan.” Muling pinapanumbalik ng Banal na Espiritu sa atin ang wangis ng Diyos na nabahiran ng kasalanan, at nagbibigay sa atin ng kakayahan upang ibigin ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, pag-iisip at kalakasan, at ang ating kapwa tulad ng ating sarili, at maihayag ang lahat ng ito sa pamamagitan ng patuloy na pananampalataya natin kay Hesu-Kristo.

3 Tayo ay mga Kristiyanong may Misyon (*We Are a Missional People*)

Taglay natin ang pangmisyong panawagan ni Hesu-Kristo na ikalat ang mensahe ng kaligtasan at kabanalan sa buong mundo. “Yamang kami’y mga katulong sa gawain ng Diyos, ipinamamanhik namin sa inyo na huwag ninyong sayangin ang pagkakataong ibinibigay sa atin ng Diyos” (2 Corinto 6:1). Ipinagkaloob sa atin ni Hesu-Kristo ang Banal na Espiritu upang tayo ay magkaroon ng kakayahang matupad ang layunin ng Kanyang panawagan. Ang misyon natin ay (a) nagsisimula sa pananambahan (b) paglilingkod sa sanlibutan sa pamamagitan ng pangangaral at pagtulog sa kapwa (c) palakasin ang mga mananampalataya upang lumago sa pamamagitan ng pagdidisipulo, (d) at ihanda ang mga lalaki at babae sa paglilingkod sa pamamagitan ng mas mataas na antas ng edukasyon.

SANAYSAY (ESSAY)

1 Tayo ay mga Kristiyanong Tao

Nakikiisa tayo sa lahat ng mga mananampalataya sa pagpapahayag ng Panginoong Hesu-Kristo, at Siya ay ating pinupuri at sinasamba. Naniniwala tayo na dahil sa dakilang pag-ibig ng Diyos tayo ay pinatawad sa ating mga kasalanan at pinanumbalik nito ang relasyon natin sa Diyos. Sa pakikipagkasundo natin sa Diyos, nagkaroon din tayo ng pakikipagkasundo sa ating kapwa, pag-iibigan na tulad ng pag-ibig ng Diyos sa atin at pagpapatawad tulad ng pagpapatawad ng Diyos. Sa gayun, ang buhay natin ay maging kapahayagan ng tulad kay Kristo. Kasama ng ibang mga mananampalataya ang katuruan tungkol sa Trinity, at pinahahalagahan nating lubos ang doktrina ng kabanalan na pinaniniwalaan ni John Wesley. Ang Banal na Kasulatan ay pangunahing batayan ng mga katutohanan espirituwal at pinagtitibay ito ng pangangatwiran, kasaysayan at karanasan.

Si Hesu-Kristo ang Panginoon ng Iglesia. Tulad ng nasasaad sa *Apostles Creed*, ang Iglesyang ito ay ang banal, pangkalahatan at naaayon sa paniniwala ng mga alagad ni Kristo (*Apostolic*). Kay Hesu-Kristo at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang Diyos Ama ay nagalok ng pagpapatawad at pakikipagkasundo sa buong

KATAPUSAN

Sa pagpasok ng ika-20 siglo, isinilang ang Church of the Nazarene! Si P. F. Bresee at mga iba pa ay nagkaroon ng malalim na adhikain na ipahayag sa iglesia at sa sanlibutan ang ebanghelyo ni Hesu-Kristo at ang mensahe ng kabanalan. Hindi maikakaila na sa kasaysayan ng church of the Nazarene at ang patuloy na paglago nito ay nagpapatunay na pinagpapala ng Diyos ang denominasyong ito at binibigyan ng tamang direksyon sa kanyang paniniwala at misyon. Nagsimula bilang isang maliit na kongregasyon, ngunit sa kasalukuyan ang Church of the Nazarene ay mayroon nang mahigit na isang milyon at apat na daang libo (1.4 million) na kasapi at may ministeryo sa 143 na bansa sa buong mundo.

Sa pagpasok ng ika-21 siglo, ang hinahanap ng denominasyong ito ay naging maliwanag. May mga hakahaka na tayo ay hindi para sa ika-20 siglo, kundi para sa ika-21 siglo. Gayunpaman, tayo ay nasa wastong direksyon upang gumawa ng mas higit at mas mahahalagang kontribusyon sa makabagong daigdig. Ang paninindigang ito ay nababatay sa kabanalang-Wesleyan na nagbibigay-diin sa kahanga-hangang gawain ng biyaya ng Diyos. Naniniwal tayo na ang likas na pagkatao, at ang bawat kultura sa lahat ng sulok ng daigdig ay mapababagong ganap sa pamamagitan sa biyayang ito.

Madalas na binabanggit ni P.F. Bresee ang mga katagang, "Ang araw ay hindi kailanman lulubog sa

Ang tapat nating testimonya sa pagiging Panginoon ni Kristo, at ang mabisang pakikilahok sa Diyos upang itatag ang iglesia at magpapatuloy sa tulong ng mas-mataas na edukasyon para sa mga manggagawang Kristiyano.

daigdig. Ang sinumang sasampalataya at tatanggap sa alok ng Diyos ay magiging anak ng Diyos. Sapagkat tayo ay pinatawad, tayo rin ay magpatawaran sa bawat isa at magkaroon ng pagkakasundo. Sa paraang ito, tayo ay maituturing na iglesya ng Panginoong Hesu-Kristo at bahagi ng Kanyang Katawan. Bilang Katawan ni Kristo, mayroon tayong isang Diyos, isang pananampalataya, isang bautismo. "Pinatutunayan natin ang pagkakaisa sa Iglesya ng Panginoong Hesu-Kristo at pagsikapan sa lahat ng bagay na mapanatili ito" (Efeso 4:5, 6).

Si Hesu-Kristo ay banal na Panginoon. Sa dahilang ito, ang Iglesya ni Hesu-Kristo ay hindi lamang iisa, ito rin ay banal. Bilang Iglesya, ang mga Kristiyano ay narapat na maging banal din. Sa katutuhanan, ang Iglesya ay itinakda ng Diyos na maging banal sa pamamagitan ni Hesu-Kristo. Ito ay banal sapagkat ito ay katauhan ni Hesus. Bilang bahagi ng Katawan ni Kristo, kailangan nating isabuhay ang halimbawa ni Hesus - Siya ay nagpakumbaba, naglingkod sa atin tulad ng isang alipin. Pinatunayan natin na ang Iglesya ng Panginoon ay biyaya at tawag ng Diyos.

Si Hesu-Kristo ang Panginoon ng Iglesya. Sa kadahilang ito, ang Iglesya ay hindi lamang iisa, banal, kundi pangkalahatan din, kasama ang lahat ng mga naninindigan sa pananampalatayang Kristiyano. Pinaninindigan natin ang pananampalataya ng mga Apostol (*Apostolic faith*), na ang pinanghahawakan ng mga Kristiyano saan mang dako ng mundo at sa lahat ng panahon. Tinatang-

gap natin ang kaisipan ni John Wesley na ang lahat na Kristiyano ay magkakapatid at magkakaugnay dahil kay Hesu-Kristo. Tayo ay mayroon ding mga mahahalagang aral ng Banal na Kasulatan. At anuman ang mga bagay na hindi mahalaga sa paraan ng kaligtasan, ito ay itinuturing natin na kalayaan ng bawat iglesya.

Si Hesu-Kristo ang Panginoon ng Banal na Kasulatan. Dahil dito ang Iglesya ay hindi lamang iisa, banal at pangkalahatan, ito rin ay itinaguyod at pinalakas ng mga alagad hanggang ito ay kumalat sa buong mundo. Higit sa lahat ang iglesya ay nakatuon ang paningin sa Banal na Kasulatan, na tanging saligan ng pananampalataya at buhay. Ang pagiging Panginoon ni Hesu-Kristo batay sa Banal na Kasulatan ay kailangang unawain sa pangunguna ng Banal na Espiritu, ang nagpapatotoo tungkol kay Hesus. Ang Banal na Espiritu ay tumutulong sa atin upang maging matatag at maituwid ang ating pang-unawa sa Banal na Kasulatan. Kinikilala natin at inuunawa ang mga sinaunang paniniwala at mga tinig ng mga Kristiyano na naging tapat sa pagbibigay liwanag ng Banal na Kasulatan. Isinasaalang-alang din natin ang gabay ng Banal na Espiritu na tayo ay pangunahan tungo sa pagsisisi, pananampalataya at katiyakan ng kaligtasan. Sinusubok natin ang ating sariling pang-unawa sa Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng pananaliksik ng mga matuwid na pangangatwiran. Sa gayun, tayo ay maging matatag na mga patotoo para kay Kristo-Hesus.

kaalaman at pananampalataya habang ang mga ito ay sabay sa pag-unlad sa buhay Kristiyano. Ang buong pagkatao ay pinagyayaman sa bawat bahagi ng pag-iisip at buhay upang makaunawa ayon sa nais at disenyo ng Diyos. Ang pag-uugaling Kristiyano at ang paghahanda ng mga Kristiyanong lider na maglilingkod sa iglesya at sa sanlibutan ay hinuhubog sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa Diyos, sa kaligtasan, sa kasaysayan ng Iglesya, sa sangkatauhan at sa sanlibutan. Ang mas-mataas na edukasyon sa paghubog ng buong pagkatao ay nagsisilbing isang pangangailangan upang ang bawat Kristiyanong lider ay mas lalo pang maging epektibo sa iba't-ibang gawain ng iglesya katulad ng pagmimisyon, ebanghelisasyon, pagganap ng tungkulin bilang isang pastor o manggagawa ng iglesya pati na rin sa ikatatatag at ikalililaw ng ating doktrina lalong higit ng mensahe ng kabanalan.

Bilang mga taong tinubos at tinawag na makatulad si Kristo at isinugo ng Diyos upang maging kinatawan ng pag-ibig sa sanlibutan, nakikilahok tayo sa gawain ng Diyos sa ikatutubos ng sangkatauhan. Layunin din ng edukasyong ito na hubugin ang bawat Kristiyanong lider upang maging mapagpakumbaba sa kanilang pagganap ng tungkulin sa iglesya at sa buong mundo.

Ang sanlibutan na kung saan tayo tinawag na maglilingkod ay nagiging masikip at lubhang magulo araw-araw. Ang gawain ng Diyos para sa kaligtasan ay sumusulong sa kasalukuyan, at sa susunod na salin-lahi.

upang gampanan ang panawagan ng Diyos sa paglilingkod sa iglesya at sa sanlibutan.

Ang mas mataas na edukasyon para sa mga lider na Kristiyano ay mahalagang bahagi rin ng misyon ng Church of the Nazarene.

Noong unang mga taon ng Church of the Nazarene naitatag ang mga pamantasan para sa mas-mataas na edukasyon sa layuning ihanda ang mga babae at lalaki ng Diyos na maging lider sa mga Kristiyanong paglilingkod upang ipalaganap at ibalik ang sigla ng kabanalan ayon kay Wesley. Ang ating patuloy na pagtangkilik sa mas-mataas na edukasyon ay nagbunga sa pagkakaroon ng mga siminaryo, *Bible Schools*, mga kolehiyo at unibersidad sa buong mundo.

Ang ating misyon sa mas mataas na edukasyon ay tuwirang naging matatag at matagumpay na instrumento upang ang mga leaders sa Church of the Nazarene ay lalo pang maging epektibo sa mga gawain sa iglesya. Dahil sa patuloy na pagsasaliksik sa Salita ng Diyos, lalo pa nating ibigin ang Diyos nang buong puso, kaluluwa at pag-iisip. Sa gayon nararapat na tayo ay maging mabuting katiwala sa pagpapaunlad ng ating kaisipan, mga akademya na pinagmumulan ng kaalaman at wastong paggamit nito. Dahil sa mga kadahilanang ito, patuloy at matapat nating tinutuklas ang kaalaman at katotohan, kaakibat ang ating tapat na pananampalataya.

Sa mas mataas na edukasyong Kristiyano ang pananampalataya ay hindi ibinukod, kundi pinagsama ang

Tayo ay bukod tanging tinawag upang magpatotoo sa kabanalan ng Iglesia ni Hesu-Kristo alinsunod sa kasaysayan ng kabanalang-*Wesleyan*. Pinatutuhanan natin na ang mga tuntunin ng kaligtasan ay biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu-Kristo. At dahil sa ganitong paniniwala, patuloy nating pinaninindigan na ang Iglesia ng Panginoong Hesu-Kristo ay iisa, banal at pangkalahatan. Sapagkat taglay natin ang ating kasaysayang *Wesleyan-Holiness*, itinataguyod natin ang katuwirang ito: Ang biyaya ng kaligtasan na dulot ng Diyos at paraan ng pagsisisi, pananampalataya, bagong kapanganakan, pagkapapawalang sala, katiyakan ng kaligtasan, ang pagkakaisa ng mga Kristiyano at mga disiplina, gayon din ang kasakdalan ng pag-ibig.

2 Tayo ay mga Kristiyanong may **Kabanalang Isinasabuhay** *(We are a Holiness People)*

Pinatutunayan ng Banal na Kasulatan ang panawagan ng Diyos para sa isang banal na pamumuhay. Dahil sa biyaya ng Diyos nagagawa nating ibigin Siya nang buong puso, kaluluwa, pag-iisip at lakas, at ang ating kapwa tulad sa ating sarili. Sa panawagang ito, ganap nating isinusuko at ipinapasakop ang ating sarili sa Panginoon habang ang Banal na Espiritu ay patuloy naman tayong pinupuspos sa wangis ng pag-ibig ng Diyos. Lubos ang ating paniniwala na tayo ay babanaling ganap ng Diyos. Ang pagpapabanal na ito ay tinatawag nating pangalawang karanasang Kristiyano sa biyaya ng Diyos sa atin. Ang pagpapabanal ng Diyos ay ang lubu-sang paglilinis sa ating buong buhay upang makapamuhay tayo na may pag-ibig sa Diyos at sa ating kapwa - paglingkuran ang Diyos ng buong puso, buong kalakasan, buong kaluluwa, buong pag-iisip, at marunong dumamay at maging makatarungan para sa ating kapwa. Ang katangiang ito ay katangian ni Hesu-Kristo at ito ang nais na likhain ng Banal na Espiritu sa ating buhay. Sa katunayan, mahahayag ang kabanalan sa buhay ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng pagiging tulad ni Kristo - sa Kanyang mga aral at halimbawa.

Naniniwala tayo sa Diyos Ama na lumikha ng lahat kahit na ang mga hindi nakikita. Tayo ay nilikha ng

Pinaninindigan natin ang kahalagahan ng espirituwal na disiplina sa pagsasanay ng mga lalaki at babae na magiging alagad ni Kristo. Ang disiplina ng pananalangin, pag-aayuno, pagsamba, pag-aaral ng Salita ng Diyos, paglilingkod at kababaang loob ay dapat maging hangarin ng mga mananampalataya.

Ang pagiging alagad ay nangangailangan ng pananagutan sa pakikiramay at pagmamahal. Sa ganang atin, iilan lamang ang nagpapaunlad ng espirituwal na disiplina tungo sa paglago sa relasyon at pananampalataya. Pinaniniwalaan natin na tayo ay pinapalakas sa ating buhay espirituwal sa pamamagitan ng *Sunday School*, *discipleship*, pagkalinga sa kapwa, pag-aaral ng Bibliya, pagtitipon sa pananalangin at lahat ng mga gawain na kailangan sa paglago ng buhay espirituwal. Kinikilala natin ang bahagi ng pananagutan sa pagpapaunlad ng kabanalan sa napapanahong kongregasyon ng mga Kristiyano.

3d. Ang Misyon Natin sa Mas Mataas na Edukasyon

Ang edukasyon sa mga Kristiyano ay bahagi sa paghahanda ng mga babae at lalaki sa ministeryo sa iglesya. Sa ating mga siminarilyo, mga kolehiyo ng pag-aaral sa Bibliya, mga pamantasan at unibersidad, hangad natin ang pagpapatuloy ng kaalaman, pag-unlad ng pag-uugaling Kristiyano, paghahanda ng mga lider

natin kung papaano mabuhay dito sa sanlibutan. Samantalang napag-aalaman natin ang buhay ng pagiging masunurin sa Salita ng Diyos, pasakop tayo sa mga disiplina ng pananampalataya, at magkaroon ng pananagutan sa bawat isa, mauunawaan natin ang tunay na kagalakan ng buhay na may disiplina at maka-Kristiyanong kahulugan ng kalayaan. Ang pagiging alagad ay hindi lamang makataong pagpupunyagi, pagpasakop sa mga tuntunin at mga regulasyon. Ito ay pamamaraan din ng Banal na Espiritu na Siyang unti-unting tumutulong sa atin upang tayo'y lumago sa ating relasyon at pananampalataya kay Kristo. Sa pamamagitan ng pagiging alagad, tayo ay naging tao na may Kristiyanong pag-uugali at ang pagiging tunay na alagad ay tanda ng pagiging katulad ni Hesu-Kristo (2 Corinto 3:18).

Sa pag-aaral at pagbubulay ng Banal na Kasulatan matutuklasan ng mga Kristiyano ang bukal na pagpapasigla sa bawat nauuhaw na puso sa paglalakbay ng pagiging alagad. Pinasisigla sa paghuhugas ng Salita, dinadalisay ng paglulubog sa Salita, taos-pusong pagtanggap sa katotohanan ng Salita ng Diyos. Natuklasan ng mga alagad na sila ay "nabago sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang pag-iisip" (Roman 12:2). Ang landas ng mga Kristiyano ay bukas tulad ng mataas at bukas na lansangan. Tayo ay nagpapatuloy sa banal na pamumuhay. Bilang mga alagad na pinasisigla ng Salita ng Diyos, ipinagkakaloob natin ang ating buhay sa paglilingkod sa Diyos.

Diyos ayon sa Kanyang wangis. Taglay natin sa ating sarili ang pagiging kawangis ni Kristo. "Ako ang Panginoon ninyong Diyos. Italaga ninyo ang inyong sarili at magpakabanal sapagkat ako'y banal" (Levetico 11:44).

Ang kasabikan natin na maging Kristiyano na may kabanalan ay nag-ugat mula sa kabanalan ng Diyos. Ang kabanalan ng Diyos ay tumutukoy sa Kanyang pagkaka-tawang-tao at sa kapahayagan na Siya ay Isa. Wala Siyang katulad sa kadakilaan at kaluwalhatian. Ang nararapat na katugunan ng tao sa Kanyang kadakilaan ay ang sambahin ang Diyos na iisang Diyos. Ang kabanalan ng Diyos ay nahayag sa Kanyang kagandahang-loob sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng kaligtasan kay Hesu-Kristo. Magagawa lamang nating sambahin ang Diyos kung makikilala natin Siya at mananatili tayo sa ating personal na relasyon sa Kanya. Lubos nating nakikilala ang Diyos dahil kay Hesu-Kristo, ang Bugtong na Anak. Ang pag-ibig sa ating kapwa ay isang napakahalagang paraan ng pagsamba sa Diyos.

Maraming kaparaanan ang pagsamba sa dakila at mahabaging Diyos. Unang-una na rito ay ang pagpupuri at pananalangin na kasama ang mga kapwa mananam-palataya. Ang pagsamba ay naipapahayag sa personal na pagbubulay-bulay sa Salita ng Diyos, pagpupuri at sa pagiging masunurin. Pangangaral at pagbabahagi ng Salita ng Diyos, pagdamay sa kapwa, pagtulong para sa katarungan, malinis at matuwid na pamumuhay ang lahat

ng ito ay mga kaparaanan ng pagsamba sa Diyos na kailangang isaalang-alang ng bawat Kristiyano. Kahit ang napakasimpleng pamumuhay, ngunit mayroong tapat na pagsunod sa Salita ng Diyos, ito ay maituturing na pagsamba.

Ipinakilala sa atin ni Hesu-Kristo ang Banal na Diyos, at Siya rin ang tunay na kapahayagan ng kabanalan ng Diyos. Inihalimbawa ni Hesus ang banal na pamumuhay na puno ng pagsamba sa Diyos upang tayo rin ay makapamuhay nang may kabanalan. Itinuro sa atin ni Hesu-Kristo ang kabanalan sa pamamagitan ng kanyang buhay, pagpapakasakit at mga turo na matatagpuan sa Ebanghelyo, at higit sa lahat sa kanyang Sermon sa Bundok. Sikapin natin na maging katulad ni Kristo sa pamumuhay. Dahil sa biyaya ng Diyos, bawat mananampalataya ay nakakapagpuri sa Diyos nang buong puso. Dahil dito, lubos nating nauunawaan ang tunay na diwa ng kabanalan.

Binigyan tayo ng Diyos ng kalayaang pumili at ang kalayaang ito ay Kanyang biyaya sa atin. Ang tao ay isang nilalang na maaaring magkasala uli, at ang kanyang kalayaang magdisisyon para sa kanyang sarili ay maaaring magdala sa kanya sa kasamaan kaysa pagsunod sa kalooban ng Diyos (Isaiah 53:6). Pinasama ng ating pagkakasala ang likha ng Diyos at itinuring tayong patay dahil sa ating mga kasalanan (Efeso 2:1). Kung gugustuhin din nating magkaroon ng isang bagong buhay espirituwal, ito ay ipagkakaloob sa atin ng Diyos dahil

pamamaraan ng ebangelisasyon, pagdamay at katarungan. Nanampalataya tayo na dahil sa biyaya ng Diyos, binago Niya ang ating dating wasak na pamumuhay dahil sa kasalanan at patuloy ding likhain at ibalik sa ating puso ang pag-ibig ng Diyos.

3c. Ang Misyon Natin sa Pagiging Alagad

Tayo ay mga alagad na itinalaga ng Diyos upang magsanay ng iba pa sa pagiging alagad ni Hesus. Isa-isip nating palagi na tayo ay itinalaga upang tugunan ang mga pangangailangan ng (Sunday School, pag-aaral ng Bibliya, at iba pang maliliit na pangkat na may pananagutan) na sa pamamagitan ng mga ito, ang mga mananampalataya ay napapalakas at lumalago ang pang-unawa tungkol sa pananampalatayang Kristiyano at ng kanilang relasyon sa bawat isa at ang kanilang relasyon sa Diyos. Dapat nating maunawaan na ang pagiging alagad ay kalakip ang ganap na pagpapasakop at pagsunod sa Diyos at pagbalanse sa mga tuntunin ng pananampalataya. Naniniwala tayo na kailangang tulungan ang iba pa upang sila rin ay makapamuhay sa kabanalan, magkaroon ng kahalubilong Kristiyano at pagmamahalan. Sinabi ni John Wesley na "Tayo ay ipinagkaloob ng Diyos sa bawat isa upang palakasin ang kanilang pananampalataya."

Ang pagiging alagad ay isang pamamaraan ng buhay Kristiyano. Ito ay proseso ng Diyos upang matutunan

ay iisang pinagsamang misyon upang tugunan ang pisikal, imusyonal at espirituwal na pangangailangan.

Ang misyon ng iglesia ay nauukol para sa lahat ng sangkatauhan, sapagkat pumarito si Hesu-Kristo sa sanlibutan upang iligtas ang lahat ng tatawag sa Kanyang pangalan. Bilang mga lingkod ng Diyos, pagkakataon natin at pananagutan na ibahagi ang mabuting balita ng ebanghelyo sa lahat ng makikinig. Maaaring sa pangpublikong paglilingkod o sa pang-personal at isahang pagpapatutoo, ang layunin natin ay samantalain ang bawat pagkakataon na anyayahan ang mga tao na manampalataya kay Hesu-Kristo.

Ang misyon ng iglesia ay para sa lahat ng tao sapagkat ang Banal na Espiritu ay ipinagkaloob para sa lahat (Gawa 2). Misyon ng bawat isa sa atin na ipahayag ang ibanghelyo ng kaligtasan sa lahat ng tao sa pamamagitan ni Hesu-Kristo. Pinagkalooban tayo ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na humayo sa sanlibutan upang ipahayag ang kaharian ng Diyos at makibahagi sa Diyos sa pagtatatag ng mas-marami pang iglesia.

Umaasa tayo na may mabuting ibubunga ang kaloob ng Diyos sa misyon natin. Ito ay higit pa sa pagpapahayag natin ng makataong pag-aalala at makataong pagsisikap. Ang misyon natin ay upang tugunin ang panawagan ng Diyos. Ito ay ang pakikipagtulungan natin sa Diyos sa Kanyang misyon ng pagkakasundo (*Ministry of Reconciliation*). Ito ay tapat na patotoo ng iglesia na ipahayag ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan sa

Siya ay mahabagin at gagawin Niya ito sa pamamagitan ng kaligtasan sa pamamagitan ng Kanyang Anak.

Ipinakilala at inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng kamangha-manghang pagkakatawang-tao sa katauhan ng Kanyang bugtong na Anak na si Hesu-Kristo, ang makasaysayang Diyos-Tao. Pumarito si Hesus sa daigdig upang muling likhain ang kaanyuan ng Diyos sa ating buhay upang tayo ay magkaroon ng kaka-yahang makapamuhay nang may kabanalan. Naniniwala tayo na ang kabanalan sa buhay ng mananampalataya ay bunga ng isang karanasan na walang patid na pagsunod ng Salita ng Diyos. Kasunod ng pagbabagong buhay, patuloy inilalapit tayo ng Banal na Espiritu sa piling ni Hesu-Kristo upang lubos nating ipasakop ang ating sarili sa Diyos. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay nagdudulot sa atin ng kakayahang mamuhay ng banal. Sa bautismong ito, tayo ay nililinis mula sa likas na kasalanan upang sa gayon Siya ay makapanahan sa ating buhay. Pinapaging lubos tayo sa pag-ibig ng Banal na Espiritu ng Diyos, upang tayo ay makapamuhay nang matuwid at magkaroon ng kapangyarihan na makapaglingkod.

Ang Banal na Espiritu ni Hesus ang gumagawa sa atin upang muling buhayin ang banal na pag-ibig ng Diyos sa ating buhay. Nais ng Diyos na "Makita sa atin ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, kalarawan ng kanyang katuwiran at sa kabanalan" (Efeso 4:24). Ang pagiging katulad ni Hesu-Kristo ay tunay na halimbawa ng Diyos. Ang panghabang buhay nating

hangad ay ang makatulad si Hesu-Kristo sa bawat pananalita, pag-iisip, at mga gawa. Sa pamamagitan ng patuloy na pagpapasakop, pagiging masunurin at pananampalataya, tayo ay lalago at tatatag mula sa nag-uumpisang bagong buhay tungo sa isang buhay na puno ng kaluwalhatian ng Diyos (2 Corinto 3:18). Makakamit natin ang ganitong klase ng buhay Kristiyano sa pamamagitan ng pagganap natin sa mga disiplinang espirituwal, pakikihalubilo at pakikibahagi sa mga ministryo ng iglesia, at higit sa lahat, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Bilang kabilang sa katawan ni Hesu-Kristo, ang Iglesia, pagsikapan natin na makatulad si Kristo, buong puso na sambahin ang Diyos, tanggapin ang kaloob Niyang pag-ibig, kadalisayan, kapangyarihan sa paglilingkod at pakikiramay.

Bilang mga Kristiyano na may kabanalang isinasabuhay, hindi tayo mananatili na isang kasaysayan lamang. Makikilala tayo na bahagi ng Bagong Tipan ng sinaunang Iglesia. Ang katuruan at kasaysayan ng Church of the Nazarene ay mana mula sa iba't-ibang tao at panahon. Ang ating katuruan tungkol sa "*free grace*" (na ibig sabihin ay si Hesu-Kristo ay namatay para sa buong sangkatauhan), at "*human freedom*" (na ang ibig sabihin ay ang lahat ng tao ay pinagkalooban ng Diyos ng kakayahan at kalayaang magdisisyon para tanggapin si Hesus at ang kanyang kaligtasan) ay minana natin sa katuruan ni Arminius. Kaya, tayong Nazarenes ay may katuruang *Arminianism*. Ang Church of the Nazarene ay

Ang Dakilang Utos at ang Dakilang Kautusan ng Paghayo ay sentro sa pagkaunawa ng ating misyon. May dalawang kapahayagan ang nag-iisang misyon, dalawang sukatan ng isang mensahe ng ebanghelyo. Si Hesus ang nagturo sa atin na "Ibigin ang Panginoon ng buong puso, buong kaluluwa at buong pag-iisip at ang iyong kapwa tulad ng iyong sarili" (Mateo 22:37,39). Sinabi rin niya sa atin na "Humayo kayo at gawin ninyong alagad ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo, turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniuutos ko sa inyo"(Mateo 28:19-20).

Ang misyon ng iglesia sa sanlibutan ay para sa lahat ng sangkatauhan. Sapagkat ang lahat ng tao ay nilalang sa wangis ng Diyos at sadyang mahalaga. Ang misyon natin ay ibigin at pahalagahan ang lahat ng tao tulad ng pag-ibig at pagpapahalaga ng Diyos, na nagnanais na mapagkalooban tayo ng kapayapaan, katarungan at kaligtasan mula sa kasalanan sa pamamagitan ni Kristo. Misyon natin na damayan at pangalagaan ang mga nangangailangan. Misyon natin na labanan ang sistema ng lipunan na may tuntunin na nagpapawalang halaga sa mga tao.

Ang misyon ng iglesia sa sanlibutan ay para sa lahat ng tao. Nilalang ng Diyos ang buong nating pagkatao, at misyon natin na maging ministro ng pag-ibig ng Diyos sa mga tao sa kanilang katawan, kaluluwa at espiritu. Ang misyon natin sa ebangelisasyon, pagdamay, at katarungan

3b. Ang Misyon natin sa Pagdamay at Ebanghelisasyon

Bilang mga Kristiyano, tayo ay may misyon sa mundo na ibahagi ang pag-ibig ng Diyos sa ating kapwa, lalung-lalo na sa mga hindi pa Kristiyano. Ang pagdamay sa mga nangangailangan ng tulong at sa mga nawawalan na nang pag-asa sa buhay ay bahagi rin ng ating misyon. Sa katotohanan, ipinagkaloob ng Diyos ang misyong ito hindi lamang sa ilang Kritiyano, kundi sa bawat Kristiyano na namumuhay nang may kabanalan. Ang dakilang kautusan ng paghayo (Great Comission) at ang Dakilang Utos ay nag-uudyok sa atin upang makiisa sa ebanghelisasyon, pagdamay sa kapwa at katarungan. Sa pamamagitan ng ating taos-pusong pagtugon sa "Great Comission" at "Great Commandment" ay patuloy naman tayong nag-aanyaya sa mga tao upang magkaroon ng pananampalataya, matugunan ang kanilang pangangailangan, mapangalagaan, at maipagtanggol laban sa kawalan at sa gayun ay maisama sila sa ating iglesia.

Sa pamamagitan ng pagmimisyon, ipinapahayag ng iglesia ang pag-ibig ng Diyos. Bahagi ng ating misyon ay pagkasunduin ang sanlibutan sa Diyos, sa pamamagitan ni Hesu-Kristo (2 Corinto 5:16-21). Ang iglesia ay instrumento ng Diyos sa ministeryo ng pag-ibig at pagkasundo sa pamamagitan ng ebanghelisasyon, pagdamay at katarungan.

bunga rin sa panahon ng Wesleyan Revival noong ika - 18 siglo hanggang sa “*Holiness Movement*” noong ika - 19 at 20 siglo.

Sa paglipas ng mga siglo ang mga taong namumuhay sa kabanalan ay nagkaroon ng mas-masidhi pang pananampalataya at paglilingkod kay Hesu-Kristo. Sinasamba natin si Hesus, minamahal natin si Hesus, iniisip natin si Hesus, nagsasalita tayo tungkol kay Hesus, at tayo ay nabubuhay para kay Hesus. Ito ang pinakadiwa ng ating kabanalang ipinamumuhay. Ito ang uri ng kabanalan na nagsasalarawan sa atin.

3 **Tayo ay Mga Kristiyanong May Misyon** *(We Are a Missional People)*

3a. Ang Misyon natin sa Pagsamba.

Ang misyon ng Iglesia sa sanlibutan ay nagsisimula sa pagsamba. Ang ating sama-samang pagsamba ay kinapapalooban ng pag-aawitan, pakikinig sa pangkalahatang pagbasa ng Banal na Kasulatan, pagkakaloob ng mga handog at ikapu, pananalangin, pakikinig ng pangangaral sa Salita ng Diyos, pagbabautismo, at pakikibahagi sa komunyon. Sa ating paniniwala ang mga gawain ng Diyos sa sanlibutan ay ang maisakatuparan muna sa pamamagitan ng nananambahang kongregasyon tungo sa pagkaunawa na ang ating misyon ay kasama ang pagtanggap ng mga bagong kasapi ng Iglesia at makapagtatag ng bagong kongregasyon na sumasamba.

Ang pagsamba ang pinakamataas na paraan ng pagpapahayag ng pag-ibig sa Diyos. Ang pagpupuri sa Diyos ang sentro ng pananambahan, ng dahil sa Kanyang biyaya at kahabagan tayo ay nagkaroon ng katubusan. Ang pangunahing layunin ng pagsamba sa Iglesyang lokal ay ang pagsuko at paghahandog ng sarili sa Panginoon. Ang tunay na pagsamba ay nangangahulugan na ang Iglesia ay nabubuhay sa pag-ibig at paglilingkod sa Diyos at sa kapwa.

Ang pagsamba ay pangunahing prebilehiyo at responsibilidad ng mga anak ng Diyos. Ito ay pagtitipon

ng mga mananampalataya sa presensya ng Diyos upang ipahayag at magdiwang bilang katugunan kung sino Siya, ano ang Kanyang mga ginawa at ano ang Kanyang mga pangako na gagawin.

Ang pananambahang Iglesya lokal ay buod ng pagkakakilanlan sa atin. Ang Church of the Nazarene ay totoong mapanambahang kongregasyon, at sa pamamagitan ng lokal na kongregasyon ay magkakaroon ng katuparan ang ating misyon. Ang kahulugan, paniniwala at paglilingkod ng Iglesya ay naipapahayag sa pamamagitan ng pagsamba. Ang pangangaral ng Salita ng Diyos, pagsasagawa ng mga sakramento, ang pangkalahatang pagbabasa ng Banal na Kasulatan, pagawit ng mga himno at mga makabagong papuring musika, samasamang pananalangin, pagkakaloob ng ating mga ikapu at mga handog, ay malinaw na nagsasalarawan ng katangian ng Kristiyanong pagsamba. Bahagi rin ng ating pagsamba ang pakikiisa sa Diyos sa pagpapalaganap ng Kanyang kaligtasan. Ang misyon ng pagsamba ay sa ikatitibay ng pundasyon ng iglesya. Ang Church of the Nazarene ay natatanging mapanambahang iglesya lokal o kongregasyon. Ang misyon natin sa pananambahan ay nagpapatuloy sa hangaring makapagtatag ng mga bagong kongregasyon.